タガログ語

# Paraan ng pagtatapon basura sa Higashihiroshima

Mula Ika-1 ng Oktubre 2021

Ugaliin ang paghihiwalay ng mga basura upang mabawasan ang pagdami nito at masuportahan ang pagrerecycle.(Tingnan ang likod na pahina para sa impormasyon)

Para sa detalye ng araw ng pagkolekta,mangyaring tingnan ang nakasaad sa (Skedyul ng Pagkolekta ng mga Basura sa Bahay) O bisitahin ang homepage ng Lungsod ng Higashihiroshima.

●Tayo ay makikoopera sa pagpapanatili ng kalinisan sa ating garbage station.

○Ang mga PTAs at Grupo ng mga Kabataan ay gumagawa ng mga recycling activities kaya't imbes na itapon ang mga dyaryo,magasin,tela,lata ng aluminum atbp ay maaari nila itong kolektahin.

○Mayroong collection boxes para sa mga baterya at lighter na wala ng laman sa main at branch offices ng lungsod.

| Uri | Aytem | Mga halimbawa | Paalala | Lalagyan | Laki |
|---|---|---|---|---|---|
| Nasusunog 燃やせるごみ | Mga basura sa kusina,goma,maliliit na kahoy,papel,tela, aluminum foil,ice pillow,krayola,pintura, ice packs,desicants, hand warmers at iba pa. Mga plastic na may kaunting metal | Basura sa kusina (Patuyuin ng mabuti); Damit at Tela (May matinding dumi); Sapatos at uri nito; bag at uri nito; sanga at tuyong dahon; Hand warmer (カイロ); desiccants ice packs; video tape DVD; ballpen; laruan kabilang ang may kaunting metal; Abo at clay | ●Mga basurang pang kusina,patuyuin ng mabuti ang mga ito bago itapon. (Putulin ng maliliit ang mga sticks na gawa sa kawayan dahil delikado ang mga ito.)<br>●Pasipsipin sa lumang dyaryo o tela ang gamit na mantika bago itapon.<br>●Balutin ng lumang dyaryo ang mga dumi ng alagang hayop bago ito itapon.<br>●Kung kaunti ang basura galing sa halamanan ay maaari itong itapon sa lagayan ng basura.Alisin muna ang lupa sa mga damo.Kung marami ang basura,Kailangang dalhin ito ng direkta sa processing center. Kailangang kumuha ng processing ticket na ayon sa dami ng basura at bayaran ito sa facility.<br>●Huwag maglagay ng malalaking di nasusunog na basura,bote at lata sa bag ng nasusunog na basura.<br>●May kaunting metal,tinutukoy nito ay mga tornilyo,nuts at iba pa. | Itinalagang kulay ng lalagyan (Kahel) | Magkakasya lamang sa itinalagang lalagyan |
| Mapanganib 危険ごみ | Glasswares,Pottery Salamin,matatalas na bagay | ceramics tableware; glassware; bote ng cosmetics; salamin na magkakasya sa itinalagang lalagyan; pang ahit,gunting; knife; pako | ※Kung marami ang basura,dalhin ito ng direkta sa processing center.(Tingnan ang likod na pahina)<br>●Ang mga bagay na pwedeng makapunit ng lalagyan ng basura ay kailangang balutin muna sa lumang dyaryo o dobleng lalagyan upang hindi mapunit ito.<br>●Ang mga pang ahit at kutsilyo ay kailangan balutin mabuti at sulatan ng salitang『キケン』sa lalagyan nito.<br>◆Ang mga hindi magkakasya sa itinalagang lalagyan ay maaring itapon bilang nasusunog na malalaking basura. | | |
| Nakalalason 有害ごみ | Fluorescent tubes Bombilya Baterya Mercury thermometers Maliliit na rechargeable batteries | fluorescent tubes,bombilya (kabilang ang LED); lighters; baterya; thermometer (Ang mga digital thermometers ay sa malalaking hindi nasusunog na basura); maliliit na rechargeable batteries ※Balutin ng electrical tape ang parteng may metal. | ●Ingatan na di mabasag ang mga fluorescent at bombilya.<br>●Maaari itong itapon ng nkakahon ngunit siguraduhin na nakalagay ito sa itinalagang lalagyan.<br>●Kung pagsasamahin ang mga baterya at fluorescent sa isang lalagyan,ilagay sa plastic bag ang mga baterya upang hindi mabasag ang fluorescent tubes sa ito ilagay sa itinalagang lalagyan.<br>●Wag itong pagsamahin at balutin ng tape.<br>◆Balutin ng vinyl tape ang metal parts ng mga maliliit na rechargeable batteries at dalhin ito sa pinagbihan para sa pagrerecycle nito.<br>Ang mga narerecycle ay may markang ♲ | | |
| Plastic na narerecycle リサイクルプラ | Plastics Vinyls Styrofoam May mga markang Plastic. (プラ) | Tray; Pakete ng itlog; Styrofoam; Lalagyan ng detergent, shampoo at iba pa; Takip at label ng boteylang PET | ●Tingnan ang Plastic mark .<br>●Gamitin lahat ng laman,hugasan ang lalagyan,at tanggalin ang lahat ng dumi.<br>●Paghatihatiin sa maliliit na piraso ang malalaking styrofoam at ilagay sa itinalagang lalagyan.<br>●Huwag doblehin ang bag ng mga basura.<br>◆Ang mga bagay na hindi kayang malinisan ng mabuti at hindi maalis ang mga tirang pulbos ay kailangang itapon sa nasusunog na basura.<br>◆Ang mga bagay na gawa sa plastic lamang na walang nakamarkang plastic ay sa「Ibang Plastic」. | Itinalagang kulay ng lalagyan (kulay Lila) | |
| Iba pang uri ng Plastic その他プラ | Iba pang plastic maliban sa mga narerecycle | plastic file folders; vinyls na walang markang plastic; plastic na laruan; plastic na timba,planggana | ●Ang mga bagay na hindi kayang malinisan ng mabuti at hindi maalis ang mga tirang pulbos ay itapon sa「Nasusunog na basura」.<br>◆Ang may plastic mark ay ilagay sa「Plastic na narerecycle」. | | |
| Botelyang PET ペットボトル | Bote ng inumin,alak, toyo,mirin seasonings atbp na may markang PET (♳ PET) | botelya ng juice at ocha; botelya ng alak,mirin toyo at iba pa; Paraan ng pagtapon: ① Tanggalin ang takip ② Tanggalin ang label ③ Banlawan ④ Pisain hanggang sa makakaya; ※Ang takip at label ay sa Plastic na narerecycle | ① Ang takip at labels ay ilagay sa「Plastic na narerecycle」.<br>② Ubusin ang laman nito at banlawan.<br>③ Pisain ito hanggang sa makakaya.<br>◆Itapon ang mga bote ng mantika,sauces,dressings atbp.na may plastic marks sa「Plastic na narerecycle」. | | |
| Bote,Lata ビン・缶 | Mga Bote at Lata (Paghiwalayin ang mga bote at lata) | Boteng walang laman; Lata ng confectionery (クッキー); Lata ng spray; Latang walang laman | ●Siguraduhing wala ng laman ang mga spray cans at gas canisters(cassettes) dahil maaaring sumabog at magdulot ng sunog sa truck o facility.Tanggalin mabuti ang gas sa loob nito.<br>●Ibalik ang mga returnable na bote tulad ng bote ng beer atbp sa pinagbilhan ng mga ito.<br>●Hugasan mabuti ang loob ng bote,tanggalin ang takip nito bago itapon. (Kung ang takip ay metal ilagay ito sa「Bote.Lata」.<br>◆Ang mga basag na bote ay ilagay sa「Mapanganib na basura」.<br>●Huwag magtapon ng mga boteng may natitira pang kemikal o pesticides. | | |
| Dyaryo 新聞 | Dyaryo (Kasama ang mga flyers na nakaipit sa dyaryo) | Dyaryo; Kahon; Iba pang uri ng papel | Paghiwalayin ang mga ① Dyaryo(kasama ang flyers na nakaipit) ② Magasin at iba pang uri ng papel ③ Kahon<br>① Ay「dyaryo」,②③ ay「Magasin,Iba pang uri ng papel,at Kahon」<br>●Pagpatungin ang mga magasin at iba pang uri ng papel sa taas na 20cm at talian ng pakrus. (Wag gumamit ng tape)<br>●Huwag paghaluin ang dyaryo at magasin.(Kung marami ang fliers maaari itong isama sa magasin.<br>●Alisin ang mga klip,CD atbp na nakaipit sa mga magasin at iba pang uri ng papel o karton.<br>●Ang mga papel na sensitibo sa init(resibo,fax atbp)kopyang karbon,larawan,mga papel na sadyang ginawa upang hindi mabasa,papel na pinahiran ng aluminum o vinyl,postcards na nakalamina,papel na may pandikit at mga ginto at tansong papel ay itapon sa「Nasusunog na basura」.<br>●Tupiin ang mga karton sa laking hindi lalagpas ng 50cmX100cm at itali ang mga ito. | Itali ang mga ito | Hindi lalagpas sa 20cm ang taas |
| Magazine, Iba pang uri ng papel, Karton 雑誌・雑がみ・ダンボール | Magasin (notebook,libro, pamphlets atbp) Iba pang uri ng papel (kahon ng mga sweets, kahon ng tissue,at papel na pambalot) | Kahon ng confectionery; Mga papel na ginagamit sa opisina; Pambalot na papel; Pakete ng gatas; Mga 20 cm (20cm); Magasin; Paper bags; Kalendaryo; Kahon ng tissue; Tanggalin ang mga metal,plastic at vinyl; Kahon | | | |
| Malalaking Basura 粗大ごみ | Saijo,Hachihinmatsu, Shiwa,Takaya ,Fukutomi ay may lokal na sistema ng kolesyon ng basura.Ipapaalam ito sa newsletter. (Paraan ng aplikasyon para sa samahan ng mga residente.)<br>Para sa Kurose, Toyosaka,Kochi,Akitsu Tingnan ang Skedyul ng pagtatapon ng basura.<br>Maaaring dalhin ng direkta ang mga basurang pambahay sa processing centers. (kabilang ang mga malalaking basura.) ※Tingnan ang likod na pahina para sa mga detalye. | Malalaking Nasusunog na Basura 燃やせる粗大ごみ: Mwebles na gawa sa kahoy Kama(kabilang ang may spring),Glasswares,ceramics, na hindi kasya sa itinalagang lalagyan. At iba pa(malalaking bag,upuan)<br>desk na gawa sa kahoy; aparador; upuna; sofa; kama; futon at unan; ceramic na paso (na di magkasya sa itinalagang lalagyan); full-lenght na salamin (maliban sa metal) | ●Ang mga mattresses na may spring ay sa nasusunog na malalaking basura.<br>●Huwag maglagay ng mga bagay sa mga kahon ng aparador at desks. (Hindi na kailangan pang tanggalin ang salamin.)<br>●Talian ang mga di magkakasya sa lalagyan tulad ng futon,carpet,at blinds bago itapon.Talian din ang mga magkakasya sa itinalagang lalagyan at itapon sa nasusunog na basura.<br>●Ang mga automatic reclining sofa at upuan ay itapon sa hindi nasusunog na malalaking basura. | | Hindi lalagpas sa 180cmx100cmx200cm |
| | | Malalaking Hindi Nasusunog na Basura 燃やせない粗大ごみ: Electrical appliances (Hindi sakop ng batas ng pagrerecycle) Metals (Maliban sa matatalas na bagay) Sasakyan tulad ng bisekleta Matitigas na plastic na di kasya sa lalagyan,at iba pang malalaking plastic containers<br>Electric home appliances【Hindi sakop ng recycling law】; kaserola,takure, kawali; upuang gawa sa metal; strollers; bisekleta; lagayan ng damit na gawa sa plastic (na di kasya sa itinalagang lalagyan); plastic planter (na di kasya sa itinalagang lalagyan) | ●Ang mga electrical appliances na hindi sakop ng Home Appliance Recycling Laws ay maaaring itapon bilang hindi nasusunog na malalaking basura. (Itapon ang mga fluorescent bulbs,baterya atbp sa Basurang nakalalason)<br>※Ang mga pwedeng irecycle na items ay nakasaad sa likod na pahina.<br>●Huwag maglagay ng kung ano mang bagay sa loob ng malalaking lata atbp.<br>●Siguraduhing naalis ang lahat ng gas at baterya ng mga heater upang maiwasan ang pagkakaroon ng pagsabog at sunog.<br>●Kanselahin muna ang rehistro ng pagsugpo sa pagnanakaw ng bisekleta.<br>●Ilagay ang mga wires at kurdon ng kawali sa transparent plastic bag. | | Hindi lalagpas sa 150cmx120cmx200cm |

Inquiries
Higashihiroshima City Waste Management Division(082-420-0926)
Kurose Branch Regional Promotion Division (082-382-0216)
Fukutomi Branch Regional Promotion Division (082-435-2211)
Toyosaka Branch Regional Promotion Division (082-432-2563)
Kochi Branch Regional Promotion Division (082-437-1109)
Akitsu Branch Regional Promotion Division (084-645-1102)

↓Tingnan ang likod na pahina para sa karagdagang impormasyon.↓

| | |
|---|---|
| **Maramihang basura at mga basura mula sa paglilipat-bahay** | Dalhin ng direkta ang ang mga basura sa mga itinalagang Garbage Processing Center ng lungsod,O maghanap ng pribadong kompanya na may legal na permiso mula sa lokal na pamahalaan na syang pwedeng magdala ng mga basura sa processing center. |

## ■ Mga paraan ng kusang pagdala ng mga basura sa bahay(Malaki at iba pa)ng direkta sa processing center ■

Taong magtatapon ng basura(Naninirahan sa Higashihiroshima)

↓

- ●Paghiwalayin ang mga basura ng tama at ilagay sa itinalagang lalagyan para dito.
  (Maliban sa mga malalaking basura na hindi magkakasya sa itinalagang lalagyan,mga dyaryo,magasin,karton at iba pa)
- ●Siguraduhing dala ang mga dokumentong nagpapatunay ng paninirahan sa Higashihiroshima (Tulad ng lisensya sa pagmamaneho at iba pa.
- ●Dalhin ang inyong mga basura sa wastong processing center tulad ng nakasaad sa ibaba.

↓ ↓

| | |
|---|---|
| ○Mga nasusunog na basura ○Mapanganib na basura<br>○Iba pang plastic ○Dyaryo ○Magasin,karton at iba pang uri ng papel<br>○Nasusunog na malalaking basura | ○Bote at Lata ○Plastic na pwede i-recycle<br>○Botelyang PET ○Nakalalasong basura<br>○Hindi nasusunog na malalaking basura |
| Hiroshima Central Ecopark<br>(10759-2 Kami Minaga Saijo-Cho) | Kamo Environmental Center<br>(10427-24 Kunichika,Kurose-Cho) |
| ☎082-426-0820 | ☎0823-82-6499 |
| 8：30〜17：00(Sarado tuwing linggo) | 8:30~17:00(Sarado tuwing linggo at holidays) |

## Mga paalala sa Processing Center

●Sa loob ng processing center,isakay ang sasakyan na 4 tons pababa sa timbangan at kumpirmahin ito sa weighing office.

●Sundin ang sasabihin ng tagapangasiwa sa pagbababa ng mga basura.Pagtapos ibaba ang mga basura ay muling isakay ang sasakyan sa timbangan.

●Sa loob ng center ay mga malalaking truck na umiikot,maging maingat.

●Kapag magdadala ng mga kahoy o sanga sa Hiroshima Central Ecopark,kailangan ang mga ito ay hindi lalagpas sa 1m50cm ang haba(Hindi lalagpas sa 1m30cm nman sa mga kawayan)at may diameter na 20cm pababa lamang.

●Ang mga basurang hindi kayang iproseso ng lungsod tulad ng mga TV,Refrigerator,Washing machines,Aircon,Gulong,Gamit sa agrikultura,Motorsiklo,Gamot/kemikal,Fire extinguishers at iba pa ay isangguni ang mga ito sa pinagbilihan.Hindi tatanggapin ang mga ito sa facilities kahit na paghiwahiwalayin ang mga parte nito.

●Ang mga basurang galing sa konstruksyon at demolisyon mula sa mga business ay nabibilang sa mga basurang industriyal at hindi ito tatanggapin.




## ■□Mga basurang hindi kayang iproseso ng lungsod■□

**Ang mga sumusunod na aytem ay hindi kinokolekta ng lungsod.**
**※Hindi kokolektahin kahit na paghiwahiwalayin ang mga parte.**
**※Hindi rin ito tatanggapin kahit dalhin ng personal.**
**Mangyaring tingnan ang mga detalye sa ibaba para sa mga paraan ng pag dispose ng mga ito.**




| Uri | Paraan ng pag dispose |
|---|---|
| (4 na uri ng home appliances)<br>TV， Refrigerators.Freezers<br>Aircon， Washing machines.Driers | Ayon sa batas ng Home Appliance Recycling,ang pag dispose ay may bayad.<br><Appliance Center><br>Edion Higashihiroshima(082-423-3211) Edion Saijo Gakuen(082-421-1144) Yamada Denki Techland Higashihiroshima(082-426-3200)<br><Contact> Home Appliance Coupon Center (0120-319-640) |
| Kompyuter<br>(Desktop body,Display,at laptop) | (Ayon sa batas ng Promotion of Effective Utilization of Resources)Makipag ugnayan sa manufacturer ng produkto.(Ang pag dispose ng aytem na walang PC recycling sticker ay may bayad)<br><Contact>(Para sa mga hindi makontak ang manufacturer at para sa mga home-built PCs)<br>Computer 3R Promotion Association(03-5282-7685) Homepage (https://www.pc3r.jp)<br>※Maaaring gamitin ang Collection box para sa mga maliliit na home appliances na matatagpuan sa Main at Branch Office ng munisipyo. |
| Home Fire Extinguishers | Ang Japan Fire Extinguisher Manufacturers Association ay nakikikoopera sa mga lokal na nagbebenta ng fire extinguishers para sa pag dispose.<br>Kinakailangan ang bayad para sa recycle stickers,transportasyon at storage.<br><Contact> Fire Extinguisher Recycling Promotion Center (03-5829-6773) Homepage (https://www.ferpc.jp) |
| Motorsiklo at Moped Bikes | Makipag ugnayan sa Disposal Motorcycle Dealer<br><contact><br>Motorcycle Recycling Center (050-3000-0727) |

| | | |
|---|---|---|
| **Basura mula sa negosyo**<br>**(Mga basurang hindi pangbahay)** | **Mga basurang nagmumula sa mga sumusunod na negosyo.**<br>(Agrikultura,Palaisdaan,Kainan,Serbisyo,Pagawaan,Pagpoproseso,<br>Tindahan,Pabrika,Opisina at iba pa.) | *Maghanap ng pribadong kompanya na may legal na permiso mula sa lokal na pamahalaan na syang pwedeng magdala ng mga basura sa processing center o dalhin ng direkta ang mga basura sa processing center.<br>(Kompletuhin muna ang mga kinakailangang pormalidad.) |